Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)

[03 May 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: We are here again on a regular basis because we have to report to the people, I want it that way, so as to educate my countrymen sa anong nangyayari: saan 'yong bakuna, saan 'yong pera, ilan ang dumating na bakuna, ilan na ba ang nagastos natin, so to keep you posted of things that are really of interest to the people.

Lalo na ngayon na kanya-kanyang batikos to their advantage. Kung saan lang sila makapabor iyon ang gamitin nila. But I assure you that we are all working diligently and truthfully at gusto namin talagang makatulong. Whether this will help hasten the pandemic in the Philippines or not remains to be seen. We still have to have the vaccines in numbers because we have plenty of Filipinos to vaccinate.

Now, ang importante siguro mga kapatid ko is that we talk first of what is important to you. Dumadating na 'yong bakuna so I think that one of these days everybody has to fall [in] line by sector. And with the added shipments arriving yesterday from Russia, well, let me thank the Russian people, the government and President Putin for their kindhearted support for the Filipinos.

China remains to be our benefactor and just because --- if I may just add something to the narrative --- just because we have a conflict with China does not mean to say that we have to be rude and disrespectful. As a matter of fact, we have many things to thank China for the help in the past and itong mga tulong nila ngayon. China, I know President Xi Jinping, because I was blunt in my --- unang kita namin sinabi ko na kaagad about our resources diyan sa West Philippine Sea.

Sabi ko alam ko na may dalawang taong maingay. Sabi nga ni Xi Jinping na ah alam namin. Iyong 'yong dalawang si Albert pati si Carpio ang nagregalo

sa amin niyang mga islands mo eh. Niregalo, namimigay ang mga p*****. Tapos you have the temerity to blame anybody for your --- in diplomatic term *"faux pas."*

Tapos ako ang bintangan ninyo na it happened way back in year 2014 when the Philippine Coast Guard was ordered to retreat by… Ewan ko bakit. Alam mo mayor ako noon pero gusto kong sabihin sa military bakit kayo nakikinig diyan sa p***** i**** 'yan? Bakit kayo mag-retreat hindi nga Pilipino ang mukha niyan. Tignan ninyo. Oversized. And he made the order after the suggestion of America who brokered the talks. In a sense, the talks failed in favor of China.

So umatras tayo doon na nagkaleche-leche ang buhay. Ngayon pagdating ko nandiyan na 'yong barko, ang mga ulol itong dalawa ako lang ang pagbibintangan kasi I am not asserting enough. Ano pa ba ang pinaka --- ? What… Puro naman tayo abugado siguro. What would be the best evidence really to fight for and die for?

If they have a piece of paper and say I am going to die, I'm going to fight for my life, for my property and for my happiness, ipag-away ko 'to, bakit hindi ninyo ginawa kayong mga p***** i** ninyo? Huwag ninyo i-cut 'yan.

Tanungin mo bakit pinaatras ninyo? Hindi kayo nagpadala doon at nagkagiyera na sana tayo noon, tapos na sana kayong dalawa because kayo ang a [lynchpin/linchpin?] who brought misery to our country. Ngayon na history is being made, recorded everyday, you want yourselves to free from any liability.

Para sa akin, 'yong taong nagpapasok sa China Sea and lahat na including the West Philippine Sea ang mga taong nagpapasok sila 'yon, at ang nagpapasok kasi umatras ang Pilipinas at pumasok upon the orders. It was the order, as a matter of fact, of Albert. Sources say that he never got the permission from the President at the time, President Aquino.

Iyan nga eh nagmamarunong eh. That's the problem when this cockeyed scholars kuno begin to tinker in the affairs of the country or allow them to have a wide elbow room so as to commit and discredit the country in the process. Iyan ang dahilan. Ang pinaka-authority nito si… But there will be another time for him maybe --- is Roque. Abugado ito and he was one of the lawyers who filed a case in connection with this itong agawan ng West Philippine Sea. Si Secretary Roque is well-versed, well-equipped and he has the knowledge of what really happened. Siya 'yong --- he is the human recorded history kasi sige daldal hanggang hindi matapos ang ano… Tignan

ninyo matapos na lang kayo, si Roque hindi pa matapos magdaldal ‘yan. Tignan ninyo. And that is to your maybe sadness and chagrin.

So unahin lang natin ang problema natin alamin natin ang sitwasyon galing mismo kay Secretary Duque. Now si Secretary Duque maraming ano sa kanya batikos. Iyon lang rin mga kalaban niya. Iyon lang rin na gusto ring marinig lang na abugado or doktor just to hear their name maybe in the narratives of the news in the evening. Maligaya na sila diyan. Itong Albert na ito ako pa ang sinisisi. Kung makita kita suntukin kita eh.

Buang ka. Huwag mong pakialaman --- ako ang nakialam? Now pagdating ko nandiyan na ‘yong barko ng China, ang atin ang wala. Buti sana kung nandiyan ‘yong barko ng China tapos pagdating ko mayroon tayong barko. Iyon, ibang istorya ‘yon. Magkahiyaan tayo doon.

Pero ako nga sabi ko kay --- wala naman tayong away at ‘yong --- hayaan lang ninyo ‘yong mga mangingisda kasi ang tao kumakain. Itong China, I know that it’s yours, according to you. I’ve heard that several times. But you know, you --- you must also have heard of the fact that people are hungry, ang Pilipino ay gutom, and you are not oblivious to that fact so kindly just allow our fishermen to fish in peace. And since there is no reason for trouble, if there is one [brewing], you call our attention and we can talk immediately to solve the problem.

Iyon ho ang ano niyan. Huwag kayong maniwala ‘yang dalawang --- isang, retired na, wala na ‘yan. Retired na… Anong nagawa mo? Anong nagawa mo pagka-Supreme Court mo? I want to say something pero ayaw kong --- it might degrade into something kaya hintuan mo ‘yang pagyayabang ninyo.

Mang-iinsulto nga… Ako? Kayo ‘yong… P***** i**. Alam mo kung ano talaga ang problema? P***** i**, wala kayong bayag. Iyan ang totoo. Nasa gobyernong ito, kung presidente ka, kung hindi ka marunong pumatay, hindi ka marunong mamatay, eh di walang pag-asa ang... Saan ka magtago every time there’s a conflict? You mean to say you will hide?

Kayo nag-standoff doon ang aking Armed Forces na inyong Armed Forces rin were ready to die for their country. Kayo ‘yong mga walang bayag nasa opisina puro papel ang hinahawakan wala namang aksyon na pupunta, may baha dito, may problema dito, may sunog, landslide. Inyo newspaper lang pati ‘yong mga kaso. Ewan ko kung ilang kaso na ang hinao-siao ninyo.

Ito si Albert sumipot lang ito pretending… You know, Albert is pretending to be --- in public, noon ko pa nahahalata ‘yan, he acts like with finesse.

Sinasadya niya parang a diplomat of the making of the century. Alam mo sa totoo lang hindi ako naniniwala. Una, hindi ka Pilipino. Hindi ‘yan Pilipino ‘yang mukha mo. Hindi ako maniwala sa iyo. Bakit kita kunin na ano? I don’t even think that… Pakita mo nga ‘yong ano mo resident certificate mo kung Pilipino ka ba.

Itong si Carpio tumaba na nang husto. Walang ginawa kung hindi magdaldal. Tumahimik ka ngang p***** i** mo. Leche ka. Tapos madaldal daw ako nagmumura. Eh bakit? Ganoon naman talaga ako.

And there is one thing fundamental that you said, I never, never in my campaign as president promised the people that I would retake the West Philippine Sea. I did not promise that I would pressure China. I never mentioned about China and the Philippines in my campaign because that was a very serious matter. We need to have a diplomatic talkatise diyan. Eh hindi ako diyan --- nandiyan sa ating Foreign Affairs, trabaho nila ‘yan.

I never… Kayo, you pretended to work on it. Ako, wala kasi wala naman akong --- I never promised anything. Just because I’m President gusto ninyo makipag-away ako. Walang kuwestiyon ‘yan. Maski ngayon mayroon tayong barko diyan ngayon sa ano. Sabi ko stay put kayo.

O sige ‘yan na. Mamaya pagdating ng panahon marami kayong daldal, maghanda kayong magpakamatay. Kaya ROTC man siguro itong mga g***ng ‘to, kayo ang unang ipadala ko doon.

So so much for that idiotic persons. Let’s go now to the main topic for the evening. We have, present ngayon: Secretary Duque, Secretary Galvez, then we have Secretary Año; then Secretary Villar sa panel, Secretary Karl Kendrick Chua.

Natawag ko pa si --- kasi nagmaskara, may mask na may face --- nag-face mask pa and he was seated in your seat, doon sa dulo ng table. I thought that si --- si Secretary Abalos, akala ko siya si ikaw. Sabi ko, “Secretary Chua, do you want to add anything to the discussion?” Sabi niya, “Hindi po ako si Chua. Si Abalos po ako.” *[laughter]* And then napahiya ako, sabi ko, “Sorry.” Madali man mag-sorry kung totoong nagkamali ka. Sorry rin sa iyo. I’m not making any fun ha but it was really the truth. It was a bit funny and embarrassing to say the least.

Now, Secretary Duque may --- you would like me to call you to begin your story tonight?

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Good evening, Mr. President and Senator Bong Go, Chair of the Senate Committee on Health and Demography; ang akin pong mga kapwa Kalihim; at sa atin pong mga mahal na kababayan, sa ngalan po ng Inter-Agency Task Force at ang Kagawaran ng Kalusugan ako po ay magbabahagi sa inyo ng atin pong usual COVID-19 situationer and biosurveillance updates.

Ito po ang mga pangunahing mensahe po natin. *[Can we have the next slide, please?]* Ang atin pong pangunahing mensahe ngayon linggo: Una po, patuloy na bumababa ang mga naitatalang kaso sa buong bansa, kabilang po rito ang National Capital Region.

Ikalawa, bagama't nananatiling mataas ang ICU utilization rate, nakatulong ang paglalaan nang mas maraming ICU beds. Ipapaliwanag ko po ho ito sa mga susunod na mga slide.

Ikatlo pong pangunahing mensahe, sa patuloy na pagkalat din naman ng ating mga variants of concern sa 12 rehiyon, kinakailangan na mas mapaigting at mahigpit na pagpapatupad po ng ating prevention, isolation --- detection, isolation, treatment and reintegration strategies.

At ika-apat po, kami ay muling nananawagan para sa mas mahigpit na border control at pagsunod sa ating quarantine protocols upang mapigilan natin ang pagkalat ng variants of concern na dala ng mga international travelers, kabilang ang mga returning overseas Filipinos.

Ngayong ika-3 ng Mayo, 2021, may nadagdag po tayo na 7,255 na bagong kaso. Sa 7,255 na naidagdag: 2,402 ay mula sa NCR; at 1,419 sa Region IV-A; 839 sa Region III; at 2,595 rest of the regions po.

Para naman sa ating mga aktibong kaso, ang kabuuang bilang ngayong ikatlo ng Mayo ay nasa 69,466. Ang katumbas po nito ay 6.54 na porsyento or 6.54 ng atin pong kabuuang kaso.

Sa kabilang dako, ang atin pong recoveries ay umabot na sa 975,234 at ang katumbas na recovery rate po nito ay nasa 91.81 percent habang ang bilang ng mga pumanaw ay nasa 17,525; at ang atin pong case fatality rate ay nananatiling nasa 1.65 percent.

[Next slide, please.]

PRESIDENT DUTERTE: Ah sandali.

SEC. DUQUE: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Alam mo, gusto kong sabihin sa ating mga kababayan, when you try to figure out the actual numbers of the COVID cases, 'yong na-contaminate, recovering tapos nakalabas na, kindly pag-aralan ninyo kung ilan ang nagkasakit at ilan ang gumaling. Eh kagaya nito sabi mo it's 992,759 cases with the final outcome. Ang active cases is 99,466 or 6.54 'yong admitted.

Iyong… Pero ang --- ang rate ng recovery tingnan naman ninyo. Ang final outcome is 992 --- 992,759. Ang recovery, ang naka-recover is 975,234 or 91.89 --- 81 percent. Ang namatay 17.

Ayaw ko nang… Baka magsabi niyo tinatakot ko kayo. But compared with other countries, which is not really the time to make comparisons, but we're doing good in the fight against COVID and Secretary Duque is the hero there.

Sige ho.

SEC. DUQUE: Salamat po, Mr. President.

[Can we have the next slide, please?]

Ito naman po 'yong ating usual epidemic curve at sa, as of May 3, 2021, mayroon na po tayong 1,020,425 na kaso sa buong bansa. At gaya po ng nabanggit niyo kanina, Mr. President, ang active cases ay umabot na ng 69,466 at halos kalahati po dito ay galing sa NCR, 465,982 na kaso sa kabuuan. At ang kanila pong active cases ng NCR ay nasa 26,698.

Makikita na bumababa na ang ating mga kaso at karamihan pa rin po ay galing pa rin sa NCR, Regions IV-A and Region III. Iyon pong pinakamataas doon na may nakalagay na doon po sa bar graph natin na may nakalagay na red arrow, ‘yon po ‘yong ating highest recorded number of cases. Iyan po ay noong nangyari ng mga first week of April. After that, unti-unti na po, nakikita na po natin lumilinaw na bumababa na po ang atin pong mga kaso.

[Next slide, please.]

Ito naman po, sa kabuuan, sa nagdaang Linggo, mayroong naitalang average of 8, 227 na kaso bawat araw. Ito po ay mas mababa sa naitalang 8,782 average daily cases noong April 19 to 25.

So makikita po natin ‘yong nakalagay po sa red shaded area ‘yong trend na pababa. From April 12 to 18, tumaas tayo, 10,187 ang average seven-day cases, at April 19 to 25 bumaba po tayo ng 8,782, at ngayon po nasa 8,227 na lang po tayo.

Pero ang pinupunterya po natin sana maipababa natin doon sa January-February level natin na 1,700 average daily cases lang po from January to February.

[Next slide, please.]

Ito naman po pinakikita rin ang ating national growth rate na gumaganda na rin po ang ating lagay mula sa 11 percent three to four weeks ago; negative 11 percent --- no, not ele --- not negative but 11 percent three to four weeks ago, nasa negative 15 percent na ang atin pong two-week growth rate at bumaba rin ang ating average daily attack rate. Ito po ‘yong pinakita ninyo, Ginoong Pangulo, na ADAR mula 9.21 at ito po ay bumaba sa seven na kaso for every 100,000 na indibiduwal.

Sampung regions naman rin ang may negatibong TWGR kasama ang NCR and Region XI kung saan consistent ang negative growth, habang walong rehiyon naman ang nagpakita ng trend reversal.

Sa kabila --- sa kabilang dako, tinututukan natin ang Regions III, IX, IV-B, V, X, and XII na nagpapakita naman ng pagtaas. Nananatiling NCR po ang may pinakamataas na average daily attack rate na nasa 24.99 na kaso sa bawat 100,000 na indibiduwal. Ngunit kahit ganito, bumababa naman ang ADAR ng karamihan maliban po sa Region III.

[Next slide.]

Kung ikukumpara po natin ang lagay ng average daily attack rate ng NCR noong nagkaroon po tayo ng pinakamataas na bilang, makikita na malaki na ang ating in-improve mula sa 34 per 100,000 population ay bumaba po ito sa 25 --- 25 cases per 100,000 population. Ito po ay nabawasan ng halos 27 porsyento ang ADAR ng nasabing rehiyon.

Ngunit malayo pa po tayo sa dati nating lagay noong unang Linggo ng Pebrero kung saan nakapagtala lamang tayo ng tatlong kaso sa bawat 100,000 na indibiduwal. Kaya naman mainam na ipagpatuloy natin ang pagpapaigting at mahigpit na pagpapatupad ng PDITR strategies upang makabalik tayo sa lagay natin noon at makapagbukas pa nang lalo ang atin pong ekonomiya.

PRESIDENT DUTERTE: May I take some minutes of your time? You know, there are people who really do not know what they're doing. Sabi nila we are not ignorant. May isang babae na ano. I was not referring to her, I do not even know her. I just heard it sa TV.

Alam mo, alam ninyo na kayong nakapag-aral na the very thing that is being avoided or tried to control was 'yong convergence ng tao na mas malapit, 'yong laway nag-aabutan, nagsisigawan. That's the very thing that ayaw ng --- ayaw ng gobyerno, ayaw ng laban ng pandemya.

Pangalawa, alam ninyo na ito uuwi ito sa bahay. May asawa, may anak o may pamilya. Dadalhin nila 'yan 'yong infection nakuha nila sa maraming tao. Tapos kung magkasakit, hindi man kayo ang pupunta-puntahan doon na maghingi ng tulong. Magpunta 'yan sa gobyerno. Problema ng gobyerno 'yan.

Kaya kung magtulong ako, hindi ko pinasabi sa kay General Bautista, kay Rolly, sabi ko sa for these two weeks na extended, magbalot ka nang kaunti mga pagkain just to tide over. I-distribute mo. Pero sinabi ko dito --- noon na meeting, hindi ngayon.

Ipaalam ko lang sa inyo na magtulong kayo pero tawagin ninyo ‘yong barangay captain, may barangay captain man, sino ‘yong mahirap sa lugar niya. Alam niya ‘yan. Alam ng barangay captain ‘yan kung hindi --- kung hindi man tarantado kung… Walang ginagawa kung ganon. Tapos siya ang magturo ito, ito, ito. Nandiyan ‘yong…

Alam mo nagbabayad tayo ng barangay health workers. Bakit hindi ninyo i-marshal 'yong efforts nila tapos sila ang mag-deliver at a distance. Hindi man kailangan lumapit. Ilagay mo lang doon sa table or doon sa fence or what, sa hagdanan. Iyon ang sinasabi ng gobyerno na hindi kasi ninyo alam. But when you try really to be a smart aleck just to answer, eh pareho na kayo ni itong si Albert pati si Carpio.

Iyong you try to wriggle out a good reason to... Eh nag... People were swarming. It might not be the first thing that you did with your idea but there from there, it generated itong mga ganito. So nagkalapit-lapit, nagkalapit-lapit hanggang magtaas nanaman. So we are again forced to enforce a quarantine to limit people from going around and passing the COVID virus to a lot of people.

Wala, wala, wala --- hindi, hindi --- it was not meant as an insult actually. Hindi kasi ninyo alam. Ngayon, kasi ginawa ninyo hindi ninyo talaga alam. Huwag na tayo magbolahan kasi kung alam ninyo 'yan, hindi ninyo ginawa. The fact na ginawa ninyo, hindi ninyo alam ang consequences. It’s just a matter of being who’s eligible, who’s --- who can talk better. But it has something to do with just common sense. Hindi ninyo alam 'yan na nagdudumugan 'yong tao. Iyan ang mahirap tapos ang gobyerno ang masama.

Kayong mga Pilipino makinig kayo. Maraming nagbabatikos pati kayo siguro o itong gobyerno na ganito ang gobyerno. Alam mo magtanong ako, when you are in the extremist, kung magkasakit ka na at nanginginig ka na, saan ka man pupunta? Tanungin ko kayo, straight, saan? Sinong puntahan ninyo? Puntahan ninyo mayor, o saan kayo dalhin ng mayor? Punta kayo ng barangay captain, saan kayo dalhin? Ang gobyerno pa rin pero ang gobyerno tahimik.

Ngayon, may binibigay ako sa poorest of the poor. Sabi ko 'yang walang trabaho, walang makain. Nagdi-distribute kami. It's going on since --- I don't know. Maybe the last --- during the last --- from the last ano natin dito program. Wala 'yan silent lang. Sabi ko, "no publicity." Pero napipilitan akong i-publicize 'yan dahil I want to stress the point that there could have been a better way of doing things. There has to be some sense in, you know, what we are doing.

Maraming tulong. Hindi na kailangan 'yang ipaano mo pa because you know that it will really cause a bedlam whether you like it or not. Alam ninyo 'yan. Alam ninyo na gutom so nag-increase.

Ngayon, kayong mga walang talagang makain, walang ano, maghintay lang kayo or try to communicate with your barangay captain. Ako sabi ko magbalot kayo ng pagkain, ibibigay ninyo 'yan sa mga tao. Sikreto, huwag kayong magsabi na 'akin, kay ano ito, kay ano...' 'Pag sabihin ninyo kay Duterte, huwag kay hindi aking pera 'yan. Sabihin ninyo, 'ito tulong ng gobyerno.' Iyan. Always use government because it is always government money whenever we move around. Wala naman tayong pera na personal. So iyan ang totoo.

Ngayon, itong mga tao, matigas kasi ulo ninyo. Ayaw ninyong maniwala, nagsabi na nga na mabuti pa mag-istambay ka na lang ng bahay. Alam mo hindi ito biro. 'Pag tinamaan ka ng COVID, it's kamatayan. Usually madala diyan two days patay. Karamihan iyong mga severe cases. Iyong iba nililibre pero 'yong namatay, two days tapos.

Now ngayon kung gusto --- hindi ko kayo tinatakot. Sinasabihan ko kayo gamitin ninyo utak ninyo. Delikado ang pandemya. It's not a --- hindi laro ito o sakit-sakitan. Pagka tinamaan ka nito, wala na. Mabuti pa ang rabies. You have about 14 days of or so acting like a mad dog. Pero ito dalawang...

Kaya pati ako takot. Pati ako nagsasalita ngayon hindi ko talaga masasabi sa inyo mabuhay ako bukas o mamatay ako. Iyan ang totoo talaga. Ako mismo nagsabi sa inyo. Hindi ako nanununngo sa ibang tao, nang-iinsulto kaya ako sinasali ko na ang sarili ko. 'Pag ako ang tinamaan, there's no way sa katanda ko, there's no way of telling whether I would live to see the light of day the following day. Iyan ang ano diyan.

Mahirap kasi 'yang hindi tayo magkaintindihan na may mga isyu tapos batikos sabihin itong gobyerno na ito pinipigil nila binibigay na nga. Binibigay na nga, binibigay rin sa inyo 'yong sakit, dalhin mo doon sa bahay mo. Eh kung matamaan kayo 'di wholesale. Mag-asawa. Karamihan mag-asawa kasi

magkatabi. Iyan ang problema. So intindihin ninyo 'yang sakit, iyang sakit na 'yan it's a very... I could not even find the word to describe it. It's not but --- it's very lethal. Bala pa, bala na pina --- lumalabas sa buka ng baril papunta sa iyo.

Take note of that. Nakikiusap ako sa inyo, hindi naman kami... Alam mo kasi kung marami lang tayong pera, puwede ako magtapon ng pera. Pero wala akong pera at hindi naman ninyo masisi ang gobyerno. Tutal nauna kami, nauna kami ng bigay, 5,000 per individual. You know, just to ipakita sa inyo na ang gobyerno may kakaunti lang nga pero ang gobyerno may ginagawa. Ikumpara mo diyan sa makipag-rambol ka diyan tapos dalhin mo 'yong sakit mo sa --- iwasan niyo.

Kaya ito ang nangyari, hindi ko kayo mapigilan eh 'yong sa salita lang na huwag, ganito, ganito. 'Pag pinilitan --- pinilit ninyo talaga akong hindi maging strikto. Pinilit lang ninyo ako na i-implement 'yong batas. Eh kaya I directed Secretary Año sa DILG, ito ang gawain mo. Tutal it is always wrong, it is a crime to do that. Pagka ganoon, puwede kayong dalhin sa istasyon o ano 'pag nagpipilit kayo maglalaro ng sungka diyan sa harap-harapan. Iyon ang --- ang rason sa batas. Iyan ang --- ito 'yong kahulugan ng sinasabi ni Dr. --- Secretary Duque. Secretary? You still have to say? Go ahead.

SEC. DUQUE: Yes, sir. Tuloy ko lang po, Mr. President. Maraming salamat po.

[Nasaan na ba 'yong slide natin?]

Ito po 'yong pinakita ko kanina, sir. Noong January 31 to February 6, nagkaroon lang po tayo ng mga three cases per 100,000 population, ang baba ng atin pong ADAR. Tapos noong mga April 4 to 17 and nagsimula rin noong mga March, nag-umpisang tumaas ang mga kaso, nakapagtala po tayo ng mga 4,748 cases reported per day 'no or ang equivalent po 34,000 per 100,000 population ang ADAR. Ngayon pong April 18 to May 1, evidently, bumaba po tayo ng about 27 percent from the April 4 to 17 reported cases. So from 4,748 to 3,498 po tayo or 25 cases per day per 100,000 population.

[Next slide po.]

Ito naman po 'yong ating tinatawag na healthcare utilization rates ano po. Pasensya na po kayo at medyo busy po 'yong slide 'no.

Kasabay po nang pagbaba ng ating mga kaso, bumubuti rin po ang lagay ng ating healthcare utilization rate or HCUR dahil ito ay dalawang dahilan:

bumababa po ang naa-admit na pasyente at ang sabay po natin pagpapalawig ng ating mga capacities, in particular, 'yong hospital ICU bed capacity.

Sa kasalukuyan po, Region II, ayon po. Medyo hindi lang po gaano kalinaw. Dito po ang --- siya na lamang po ang nasa high risk bed utilization rate at nasa 72 percent.

Kung atin pong titingnan naman ang ICU utilization rate, nananatiling nasa high risk ang NCR, ayon po, nasa 74 percent ang ICU utilization. Ibig pong sabihin niyan, nasa high risk pa rin po tayo at balak po natin mapababa po 'yan to moderate risk and then eventually sa low risk or less than 60 percent ICU utilization rate.

So ang Region II naman po ang may pinakamataas na mechanical ventilator utilization at 68 percent. Sumunod ang Region IX kung saan parehas ay nasa moderate risk.

Ito na po 'yong nakikita natin dito. Ang binabantayan po natin itong may mga ICU utilization rate na higher than 70 percent and above. Tapos ang atin pong total bed utilization ay ang NCR nasa 57 percent or low risk; at ang CAR ganoon din po nasa 70 percent; ang Regions III and Region IV-A 59 and 65 percent, respectively.

[Next slide.]

Sa National Capital Region naman po, makikita na karamihan ng 6,373 admitted patients ay moderate doon po sa gray-shaded area doon sa graph; at mild 'yon naman pong orange, makikita rin na tumaas ang ating supply ng mga kama sa NCR dahil sa pagpapatupad natin ng surge capacity. Fifty percent for government hospitals ang hiningi po natin at sila po ay nasunod, at 30 percent naman for private hospitals. At ito upang maka-admit nang mas maraming pasyente pong nangangailangan.

[Next slide.]

Tumaas rin ang atin pong... *[Next slide, please. Ayan po.]* Tumaas rin ang ating ICU capacity sa NCR, partikular sa ating DOH hospitals. Mula 215 lamang noong April 18, mayroon na po tayong 491 ICU beds as of May 2. At dahil ito ay atin pong pagko-convert ng mga isolation rooms into ICUs, at karamihan naman ng mga naka-admit sa ICU ay mga confirmed and probable cases.

[Next slide.]

Bumaba rin po ng 21 porsyento ang mga pending admissions sa mga emergency room ng ating DOH hospitals mula April 18 hanggang Mayo 2. Nakita rin namin na bumaba ang bilang ng mga emergency patients na nare-refer na po sa step-down facilities at bahagya ang mula April 26 ngunit nakikitaan muli nang unti-unting pagtaas. Nangangahulugan ito na decongested na ang ating mga Level 2 and Level 3 hospitals.

Sunod na slide po, nananatili namang bumababa at nasa low risk ang ating TTMF utilization rate. Iyon pong --- *[Next slide please.]* --- ito po, makikita natin ang national TTMF utilization natin ay nasa 21 percent lamang po. Samantalang ang NCR ay nasa 55 percent. Ito po ay bumaba ng 8 percent. Mga one to two weeks ago, nasa mga 63 percent po ang utilization natin. Kaya patuloy na bumababa po rito at ganoon din po naman sa mga ibang regions may kakaunti naman pong mga pagtaas sa utilization rate ng temporary treatment and monitoring facilities.

[Next slide.]

Next slide, ito naman po 'yong ating death curve. At kasabay po nang pagbaba ng atin pong mga kaso, inaasahan rin naman bababa ang bilang po ng mga pumapanaw. Subalit sa kasamaang palad, nalagpasan na po ang ating kasalukuyang peak ang pinakamataas na naitala noong nakaraang taon. Iyon po ang makikita natin, ang peak natin was August at 2,127 or an average of 89 deaths per day. At ngayon po noong April, tumaas po tayo ng 2,424 at 81 average death daily of 81 po. So hopefully ito po kasabay noong pagtaas ng mga kaso natin ay unti-unti na rin pong bumababa. So...

[Next slide.]

Para naman po sa ating biosurveillance updates, patuloy na dumadami ang nagpopositibo sa B.1.351, ito po 'yong South African variant, at ang B.1.1.7 UK variant. At kasalukuyan, ang South African lineage na ang mayroon na pong pinakamataas na bahagi at 18.17 percent sa 5,917 samples na may lineage. Iyan po 'yong ating 5,917, iyan na po 'yong nakikita natin na B.1.351 representing 18.17 percent. Sunod po ang B.1.1.63, ang Hong Kong lineage, at 17.81 percent; samantalang ang UK variant, nasa 16.02 percent. So iyan na po ang atin pong pinakamaraming mga variants in circulation.

So, Mr. President, iyan po ang aking report. *[Mayroon pa bang next slide? Tignan ko lang.]* Ah ito naman po 'yong atin lamang tinatawag na strengthening the COVID-19 response strategies. At sa pagpasok po ng

Mayo, nagkaroon ng ilang pagbabago sa ating quarantine classification na tinatawag po natin sa kasalukuyan ang MECQ Flex.

Inaprubahan kamakailan ng IATF ang limitadong pagpapasok ng mga tao sa ilang piling establisyemento. Ngunit kinakailangan natitiyak ang mahigpit na pagsunod sa atin pong minimum public health standards.

Inilunsad din ng DOLE, DOH, DILG, DOT, at DTI ang tinatawag pong nabanggit ko na mas maaga kanina ang Safety Seal Certification Program, kung saan tinitiyak na ang isang lugar o establisyemento ay sapat at wasto ang pagsunod sa atin pong minimum public health standards na set by the government at ang pag-adopt ng Stay Safe contact tracing application.

Patuloy din ang pagpapalakas ng ating health system capacity sa pamamagitan nang pagtaas ng atin pong dedicated COVID-19 beds in public and private facilities. Sa kasalukuyan, mayroon na tayong 33,628 total dedicated public and private beds for COVID-19 at may karagdagang 521 ICU beds from March 28 bringing the total number of beds to 2,849.

Kabilang na rin po rito ang patuloy na pag-augment ng mga kinakailangang healthcare workers sa atin pong mga pasilidad.

So iyan lang po, Ginoong Pangulo. Maraming salamat po sa pagkakataon at handa na po akong sumagot sa inyo pong katanungan.

PRESIDENT DUTERTE: We resume, ladies and gentlemen. And I call on Secretary Galvez to make his report.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Sir, Mr. President, Senator Bong Go, my fellow Cabinet members, good evening. Good evening po. Ngayon pong gabi, we will have a presentation on the update on the deliveries and also our roll out on our National Vaccination Program.

Sir, dito ngayon po noong last April, ang dumating po na vaccine lang po ay 'yong Sinovac na 1.5 million. So total na po ng lahat na dumating po sa atin po is 4,040,600. So sa Sinovac po mayroon po tayong 3.5 million; AstraZeneca 525,600; at dumating po noong May 1 ang Gamaleya Sputnik.

Sir, nagpapasalamat po tayo sa ating ambassador. He is very emotional, sir, na naluluha siya, sir, kasi at least medyo --- sabi niya nakatulong kami sa Pilipinas na mapaabot ang kanilang vaccine.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat. *[inaudible]*

SEC. GALVEZ: Opo. Opo. Si Ambassador Marat Pavlov po, sir, talagang halos lumuluha siya noong nakita niya 'yong --- 'yong mismong Sputnik vaccine na dumating po sa atin. And then ang magandang balita pa rin po, mahal na Presidente, is sa May 7 mag-scale up na po ang Sinovac.

Noong dati tig-500[,000] lang po ang kanyang dating, ngayon one tranche po 1.5 million sa May 7. So maganda po ito makikita natin na ito tataas po 'yong ating tinatawag na rollout. Ang ating average siguro sa everyday baka tumaas po ng 70[,000] to 90[,000].

So all in all po sa ano sa May, magkakaroon po tayo ng 4 million. And ngayon po we are negotiating with Usec. ano, Usec. Robert Borje na magkaroon po ng steady supply ang Gamaleya. Kasi ang strategy po natin, at least 'yong ano po, 'yong Sinovac --- nagpapasalamat po tayo sa China --- na they committed really na 'yong kanilang mga supply talagang safe and secure and steady. Steady po tayo na aangat din po 'yong kanilang ano, ang kanilang delivery from 2 million sa May, aangat po ng 4.5 million sa June. And then ganoon rin po ang strategy natin na sana 'yong Gamaleya, we are negotiating na maging 2 million siya in every month kasama na po ang May at saka po 'yong June.

And then also we are also negotiating with COVAX and WHO na inaasahan din po natin na magde-deliver po sila ng AstraZeneca at saka po 'yong Pfizer na ipinangako po nila na 2.3 million.

[Next slide, please.]

So sa ngayon po tingnan po natin 'yong status ng rollout natin and vaccine deliveries. So sa ngayon po mayroon na po tayong natanggap na 4 million and then na-deploy na po natin 'yong 3.7 million. Meaning, nandoon na po

‘yon sa mga administration area. At mayroon na po tayong 1.6 million or 1,658,539 na Filipinos that have already been vaccinated. And then mayroon po tayong vaccine administered, both first dose and second dose, for 1,948,080. So malapit na po tayong mag-break ng 2 million mark.

And nakikita po natin na papataas din po ‘yong ating mga deliveries. Starting po ng --- ng June, magkakaroon na po tayo ng more or less 10.3 million doses dahil po darating na rin po ang Moderna at saka po ‘yong AstraZeneca.

So apat na po ang magde-deliver this coming June. And ganoon din po sa third quarter, darating na rin po ‘yong ibang mga deliveries pero po ‘yong Novavax, ang nakikita po natin dahil nga may nangyayari po sa India, ay baka po mabawasan o ma-delay siya sa September dahil nga nakikita po natin kailangang-kailangan ng India ang supply ng mga vaccine.

So kung makikita po natin ‘yong target po natin na vaccination ay balak po natin na iangat na ngayong May, makaka-vaccinate po tayo ng more or less 2 million po na Filipinos kasi po ang ating average ngayon from March at saka po ang April, 1 million per month. Ngayon po iaangat po natin, pipilitin po nating maiangat na 2 million per month po ang ano po natin.

[So, next.]

Marami pong nagdududa na hindi natin makaya po ‘yong herd immunity. Marami pong ang talagang mga ano, lalo na po sa mga iba nagkukuwestiyon na hindi po natin matanggap ‘yong --- hindi natin magagawa ‘yong herd immunity.

Pero nagkaroon po kami ng simulation kasama po ang private sector, kasama po si Sir Pepot ng Jollibee, at ito po ang tinatawag na mga key factors ng herd immunity to achieve ‘yong 50 million to 70 million shots. So ang target nating jabs per day kailangan po mayroon tayong 500,000 jab per day. Kaya po natin ‘yan dahil kasi ang atin pong jab sites is 5,000, 100 jabs per day, so kayang-kaya po natin ‘yan. So ang atin pong target ay magkaroon po tayo ng at least 3 million jabs per week.

Pero ang requirement po ay kailangan po every monh mayroon tayong 15 million doses per month. Iyon po ang parang pinakaano po namin na objective po namin, Mr. President, na kaming mga sa procurement ng DOF at saka 'yong mga diplomatic ano natin, diplomatic corps natin, iyon po ang gusto naming makuha na every month maiangat po natin ng 50 million. At sa June po, maiangat po natin ng 10 million; and July, more or less baka maiakyat po natin ng 15 million hanggang December.

So ang kailangan po natin mga vaccination site as I said earlier, ang na-establish na po ng ano ng DOH ay 5,000 sites. Wala pa po dito 'yong tinatawag nating mga mega sites na mayroon tayong mga 1,000 ano, 1,000 jabs per ano per day.

So 'yong mga business sector, 'yong kanilang mga malls, 'yong mga kanilang mga gymnasiums at saka 'yong kanilang mga tinatawag nating malalaking mga area ay ibino-volunteer po nila. Actually po 'yong ano po, 'yong Ayala Malls, 'yong SM Malls, 'yong tinatawag po natin na 'yong ibang mga --- Robinsons, 'yong --- 'yong mga ibang business centers binibigyan po nila ng space 'yong ating mga vaccination sites.

Bukas nga po pupunta nga kami po sa ano sa SM Mall dito sa Parañaque para tingnan po 'yong Gamaleya ano natin rollout kasi 'yong Gamaleya po mayroon pa ho tayong pilot test. Pupunta po kami doon ng ano ng --- titingnan po namin ang vaccination site para makita rin namin kung paano nila ginagawa sa mga malls.

And then kailangan po natin --- ang inaano po natin kailangan ng clinical staffing, kailangan 25,000 to 50,000 na vaccinators. At ang target po nating ano po, ang timeline po natin is within 200 --- 200 to 213 days starting June.

And then 'yong registration at saka 'yong ating priority ay ang ginawa na natin from March to June – A1 to A3; and then sa June, sir, magsisimula na po tayo sa A4, 'yong mga economic frontliners. And then sa August, puwede na tayong general public.

[Next slide, please. Next slide, please.]

So ito po, ito po ‘yong parang ginagawa nating timeline para sa ating simultaneous vaccine administration. Nagpapasalamat po tayo na nung sa mga ating mga kasamahan sa DOLE kasi ‘yong ginawa po natin sa Labor Day po, noong kilusang parang ano sir natin sa Mayo uno, nagkaroon po tayo ng more or less mga 4,000 po na vaccination ng ating mga OFWs, mga seafarers at saka ‘yong mga low-earning workers po. So ‘yon ang parang celebration po ng ating ano, ng ating May 1 celebration, Labor Day, ay nagkaroon po tayo ng massive vaccination nationwide at saka dito po sa Metro Manila.

[Next slide, please.]

Sir, dati po number five po tayo pero ngayon po umangat po uli tayo. At saka marami po kasing ano marami pong disinformation at saka mga fake news na talagang nilalagay po sa atin ang average daily rate natin is tayo po ang pinakakulelat. Pero noong gumawa po kami ng datos through using ‘yong ano ‘yong ating mga DFA sources sa mga foreign posting, nakikita po natin pumapangalawa po tayo when in terms of average daily rate. Ang ano po natin is almost 31,000.

Sa ngayon po ang nagiging average po natin, naga-average tayo ng 50 [000] to 70,000 noong ano, noong kasagsagan dito po ng April. And then ngayon, number three na po tayo sa buong ASEAN; number 43 na po tayo sa out of 193 countries; at rank 16 dito po sa Asia.

So nakikita po natin na talagang ang pagka po ano, pagka po hindi nagbago ang Singapore na 17,000 siya, within ano, within siguro mga more or less mga one week or two weeks baka maabutan na po natin dahil kasi mayroon pa po tayo na 2 million na ibabakuna po ngayon na nakaano po nakareserba sa second dose, and then mayroon pa tayong 1.5 million na darating nitong May.

And also ‘yong pagkaano po ng ano ng India at saka ‘yong ibang countries, we expect further constriction of global supply. So nakita po natin ‘yong COVAX, bumaba po ‘yong kanilang supply because ang ano po ang India they produce more than 2 billion doses for the COVAX at saka for ano for export.

And with that, what's happening to India right now, malaki pong epekto po, Mr. President, na 'yong ating mga supply na binili natin sa India baka magkaroon po ng probable delay. Pero ang maganda sa atin po, sir, seven manufacturer po ang kinausap natin so nakapag-hedge po tayo. So mayroon tayong mga supply sa ibang mga manufacturer. So ito po ang ano po natin, Mr. President, considering magkaroon tayo ng tinatawag na falloff or shortfall sa ating mga supply, we are recommending na magkaroon tayo ng prioritization po, Mr. President. So meaning tingnan po natin 'yong mga areas na mayroon pong tinatawag na economic at saka social importance. At saka magkakaroon tayo ng malaking problema pagka hindi natin po naagapan lalo po ang NCR.

So ang recommendation po namin ay mag-concentrate po tayo sa mga areas na tinatamaan --- tinatamaan talaga ng ano, sir. Ito, sir, noong ano, noong first ano --- noong first ano natin 2020, ito pong mga lugar pong ito ang mga tinamaan nang malalakas.

So kung titingnan natin instead na mag-concentrate tayo sa 110 population, we have to concentrate only to 83 --- 83 million population. And then kung makuha natin po 'yong 70 percent o 'yong herd immunity ng mga areas na ito, malaki ang chances natin na mare-recover natin ang economy po natin at malaki po ang chances na mape-prevent natin 'yong tinatawag nating surge dito sa mga traditional areas na very vulnerable po, sir.

So ganoon po ang gagawin po nating strategy kasi kung magkakaroon tayo ng shortfall doon po sa constriction ng global supply, we will target more or less mga 50 to ano, 50 to 60 population instead of 70 to 80 to 90 para ang ano po natin, targeted po ang ano po natin.

So 'yon lang po, mahal na Presidente, at marami pong salamat.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Galvez. Walang ano. Wala tayong problema sa tingin ko sa --- in the acquisition ng bakuna because we have at least some guarantees from countries who honor the contract at dadating 'yan ng panahon na kailangan natin.

Let us just pray that itong mga variants, itong mga mutants will not go haywire. Iyan ang bantayan natin baka hindi na makontrol ng isang bakuna lang and we do not have insight yet na anong pinag-aralan ngayon ng mga scientists.

This would be another challenge maybe to our mga native ano natin scientists to work harder at saka kaya man nila ito kung talagang trabahuin nila. Hindi man tayo nagkulang. We will --- we will provide them all with what is necessary really to make a conclusive finding if they have one.

So ang sunod natin nito si Mark because of the construction.

DPWH SECRETARY MARK VILLAR: Thank you. So ito po 'yong update ko po sa ating mga quarantine facilities at modular hospitals.

Sa ngayon po, ang naka-pipeline sa atin ay 816 facilities for 27,280 beds at ang operational na po ay 662 facilities with 24,513 beds nationwide.

[Next slide, please.]

Ito po 'yong breakdown ng ating mga modular units. Karamihan po ay quarantine isolation facilities, 603 with 23,046. Mayroon din po tayong mga off-site dormitories ito po 'yong nasa tabi ng ating mga modular hospitals para sa ating mga frontliners, 49 units with 1,228 capacity. At siyempre po ang atin mga modular hospitals, ang operational na po ay 10 with 239 bed capacity.

[Next slide, please.]

So ito po 'yong breakdown nationwide ng 24,513. Makikita niyo po na medyo malaki sa NCR. Ito po ay dahil dito po 'yong karamihan po ng ating mga cases. So depende po sa number of cases, doon kami nagfo-focus sa pagtatayo ng mga modular facilities.

[Next slide, please.]

Ito po 'yong mga pictures ng ating mga isolation, actually, ipinakita ko po ito last week. So mayroong mga mega quarantine at mayroon din po tayong mga stand-alone facilities.

[Next slide.]

Ito po 'yong mga pictures ng ating mga modular facilities. So fully equipped para sa ating mga frontliners. Mayroon pong lounge area na may TV, may Wi-Fi, may computer, mayroon din pong kitchen at mayroon din pong laundry facilities. Lalo na po ngayon at marami po tayong mga doktor na galing sa probinsiya, puwede na silang mag-stay dito. At siyempre 'yong mga ibang doktor na kailangan mag-overtime or nurses dito sila mag-i-stay.

At siyempre po ang ating mga modular facilities, as of now, mayroon po tayong 10 modular facilities with a 239-bed capacity. Ito po ay fully equipped para sa ating mga COVID patients. May negative pressure, mayroon din pong --- mayroon din pong mga nurse facilities katulad ng nurse call button, antibacterial cladding, mayroon din pong sariling oxygen supply para sa ating mga --- sa ating mga COVID patients. So kaya niya i-treat 'yong mga mild --- ay hindi, mga mid to severe cases. Kaya fully equipped po ito at marami na pong operational, 239 beds are already operational.

[Next slide, please.]

Ito po 'yong mga pictures. Just recently po, na-operationalize na po 'yong facility sa Batangas City. Tumataas din po ang cases sa IV-A so ito 'yong isa sa mga kabubukas lang. So makikita niyo naman po fully equipped po ang ating mga facilities sa Batangas.

[Next slide, please.]

At ito po, ito po'y very much needed sa NKTI. This is very special --- very specialized po modular hospital para sa ating mga COVID --- para sa ating mga dialysis patients.

Sa ngayon po kasi wala pang dia --- wala pang dialysis area para sa mga --- specifically sa mga COVID. So ito pong bagong building ay designed para sa ating mga COVID patients na nangangailangan po ng dialysis treatment. Makikita niyo po may individual rooms per patient. And this can service up to 60 --- 60 treatments per day.

So kausap ko po 'yong doctor sa NKTI 'yon po ang mga COVID --- 'yon po ang mga average COVID patients per day 60. So sakto lang sa requirements nila itong NKTI facility at binanggit po ni Secretary Galvez kahapon na by --- ite-turnover na natin bukas.

[Next slide, please.]

So ito po basic update. So 'yong natapos na recently 'yong NKTI, which is 60-bed capacity. Tapos may units tayo sa Batangas City, ang operational na po ay 'yong five units sa Quezon Institute, may isang unit sa Lung Center at isang unit sa Jose Rodriguez; at 'yong ongoing, mayroon po tayong 14 units with 308-bed capacity. Mayroon pa tayong 44 beds sa Quezon Institute

additional sa existing. Malaki po ‘yong sa Lung Center, that’s additional 110 beds.

Mayroon din po tayong 44 beds sa Southern Philippine Medical Center, mayroon din tayong 22 beds sa V. Luna, 22 beds sa Ospital ng Maynila, 22 beds sa Pasig City General Hospital at 44 beds sa Las Piñas General Hospital.

So by the end of the month, karamihan po ng mga bed capacity ay matatapos so malaki --- malaki po ang madadagdag sa ating hospital capacity by this month.

So… Ito po ‘yong --- basically, ito po ‘yong occupancy rate ng ating mega treatment facilities. Sa ngayon 60 percent, noong last meeting po natin, nasa 70 percent halos ‘yong occupancy rate natin at ang target po talaga is ibaba up to less than 60 percent. So ngayon po bumaba na po ang occupancy rate nasa 60 percent na tayo. At sa --- also for Oplan Kalinga, this is --- ito po ‘yong mga hotels na ginagamit as quarantine. May occupancy rate tayo ng 64 percent.

[Next slide, please.]

Nationwide po, ito po ‘yong occupancy rate natin ng lahat ng ating mga quarantine facilities, so ang nationwide percentage natin is 21 percent. Mataas lang po sa NCR, 50.97. Pero definitely --- pero maganda po ‘yong trend dahil pababa na po ang occupancy rate dahil last month mahigit 60 percent, ngayon po 50 percent.

[Next slide, please.]

Iyon lang po. At tuloy-tuloy naman ang pagtatayo natin ng centers and definitely hindi tayo titigil until magkaroon tayo ng buffer sa ating medical facilities. Maraming salamat po, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Secretary Villar. Can I say something? You are truly a Filipino. I thank you in behalf of the nation, in behalf of the people. Salamat po.

Next we call on Secretary Lorenzana? Sir, mayroon kang --- ?

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Mr. President, wala po akong ire-report ngayon.

PRESIDENT DUTERTE: Secretary Año?

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO:
Magandang gabi po, Mr. President and fellow public servants. *[Please put on my slide.]*

Magbibigay lang po ako ng update dito po sa ayuda na inyo pong inutos na kailangang ipamigay sa mga low-income families at mga indigent families at individuals.

Out of the 22.9 billion na inyo pong inutos na ipamahagi ay nakapag-disburse na po tayo ng 17 billion or equivalent po ito sa 17,037,122 beneficiaries out of the total of 22,915,422 beneficiaries or a total of 74.35 percent. Iyan na po 'yong napamahagi natin.

Ang breakdown po. *[Next slide.]* Sa Metro Manila po ay kabuuang 8,632,336 beneficiaries out of the 11,172,988 or ibig sabihin po ay 8.6 billion ang ating nai-disburse o naipamahagi, 77.26 percent.

Dito naman po sa Bulacan, ang nakatanggap na po ay 2,168,243 beneficiaries or a total of 2.1 billion na po ang na-disburse, 73.08 percent.

Sa probinsiya naman ng Cavite, ang nakatanggap na ay buong --- ay 'yong kabuuan ay 2,188,380 out of the total of 3,444,488 beneficiaries sa kabuuang 2.1 billion. So 63.53 percent po ang ating accomplishment.

Sa probinsiya ng Laguna ay 2,307,825 ang nakatanggap ng ayuda, 84.91 percent accomplishment. At dito naman po sa probinsiya ng Rizal, out of the total beneficiaries of 2,612,824, ang nakatanggap ay 1,740,338 beneficiaries, 66.61 percent.

So patuloy po ang pagdi-distribute ng ating mga ayuda. At sa ngayon po ay mayroon tayong natanggap na 59,669 complaints. Na-resolve na po ang 24,421; under deliberation ay 39,781; at ang iba naman ay in-endorse po natin sa ibang ahensya. Ang target po natin ay lahat ng complaint na ito ay maresolba at masagot ng ating mga LGUs bago dumating ang May 15, at totally 100 percent po maipamahagi ang lahat ng ayuda.

Dito naman po sa ating PNP campaign against illegal drugs, for the period of April 27 up to April 30, apat na araw po ito, nagkaroon tayo ng operation,

total of 1,040. Ang number of persons arrested 1, 378: siyam ang nag-surrender at 12 po namatay sa operation.

Kung totally nakapagkumpiska tayo ng 35.3 kilos of shabu; 103.17 kilos of marijuana for a total worth of 252,909, 235 pesos and 20 centavos sa apat na araw ng operation.

Sa inyo pong pag-uutos last week, na-i-direct ang ating mga local chief executives, ang governors, mayors and barangay captains na siyang manguna sa pag-implementa ng IATF guidelines on the prohibition against mass gathering katulad po ng mga party, piyesta, tupada, at iba-iba pang mga gatherings.

Nagpalabas po ng memo circular ang DILG. Ito ay naka-address sa ating mga local chief executives, sa BARMM minister ng local government, sa ating mga regional directors ng DILG, sa chief PNP, upang i-define po ano ang mga roles ng ating local chief executives sa pagpapatupad ng minimum public health standard lalo na po sa prohibition against public or mass gathering.

Ang PNP po ay tutulong sa ating mga local chief executives sa pagpapatupad nito. Pero ang PNP po ay --- they will go after the violators and even against local chief executives na hindi magpapatupad ng mga batas.

So ito pong ating memo circular ay mayroon pong limang salient points --- ah anim na salient points po. Ang una po, dinefine (define) natin kung ano ‘yong mga mass gatherings sa iba’t ibang community quarantine level.

Pangalawa po ay dinefine (define) natin ang duties, responsibilities ng mga mayors, governors, at lalong-lalo na ang mga barangay captains. At dito rin po ay dinefine (define) natin ang duties at roles ng mga Philippine National Police at ang supervisory powers ng higher LGUs over the lower LGUs.

At isang salient points po ay ang liabilities ng mga local chief executives. Dito dapat ipatupad ang IATF guidelines at ang RA 11332, especially section 9 paragraph D and paragraph E, Mandatory Reporting of Notifiable

Disease[s] and Health Events of Public Health Concern Act. Kailangan ipatupad po rito ang mahigpit na pagbabawal sa mass gathering at ang paggamit po ng Revised Penal Code.

Kung ang ating mga local chief executives ay nagka-failure sa pagpro-prosecute ng mga violators, mayroon din po tayong batas na magagamit para mag-file ng administrative at criminal cases sa ating mga local chief executives. At kung kinakailangan pong magkaroon ng pagka aresto, ang ating Philippine National Police po ay nakahanda.

At ang pinakahuli pong salient points, 'yong citizen's feedback mechanism. So kailangan po mayroong mga complaint centers at hotline numbers kung saan mag-uulat ang ating mga mamamayan.

So ipatutupad po namin ito at mahigpit po nating sisiguruhin na walang magaganap na mga mass gathering habang tayo po ay nasa ilalim ng mga community quarantine lalo na sa MECQ.

Iyon lang po. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Año. Nakita ninyo 'yong ano, 'yong distribution ng ayuda ngayon? Now you see the rationale of why I got men from the uniformed service na retired.

Now, there's always… Marami naman ring katiwalian. Pero when you are trained to be straight, in all probability, you will remain straight. Iyon ang kagandahan sa ayuda natin lesser complaints. Mayroon, we will never run out of complaints pero mayroon, pero hindi ganoon karami --- ay hindi ganoon ka serious na blatant ang ano, harap-harapan ang katiwalian na ginagamit because somebody is doing his job.

This is not something na or it's not the right to be praising people, but someday I will have a word for them. Dadating din 'yan.

So Karl, you have something to report? How are we doing? Can we survive?

NATIONAL ECONOMIC AND DEVELOPMENT AUTHORITY DIRECTOR-GENERAL AND SOCIOECONOMIC PLANNING SECRETARY KARL KENDRICK CHUA:

Mahal na Pangulo, magandang gabi po, kay Senator Bong Go at mga miyembro ng Gabinete.

Ang iuulat ko po ngayon ay 'yong update sa National ID kasi malaki po ang maitutulong ng National ID sa ating COVID-19 pandemic recovery.

So gaya po ng inulat ko dati po sa Malacañang, dahil sa COVID-19 pandemic ay ginawa po nating three-step approach ang National ID para hindi ma --- para maiwasan natin 'yong mahabang pila sa registration center kasi bawal po 'yan kasi we have to maintain the social distancing and health protocols.

So 'yong Step 1, ito po 'yong house-to-house or online collection of data and setting of appointment. Nagsimula po tayo last year 'yong October. Iyong house-to-house po ginagawa po natin 'yan sa mga mas mahihirap na kababayan natin at 'yan po ang priority kasi sila po ang walang ID. Tapos nagsimula rin tayo last week ng online system. Iyan 'yong ipapaliwanag ko po mamaya.

Pagkatapos po ng Step 1, puwede po sila pumunta sa registration center sa bawat probinsiya para 'yong kanilang biometrics ay ma-capture: ito po 'yong fingerprints, 'yong iris scan at 'yong picture.

Kung naalala niyo po, mahal na Pangulo, ito 'yong dinaanan niyo po 'yong sa Malacañang 'yong nagpa-register po kayo sa National ID. So tapos na po kayo.

Tapos 'yong Step 3, ito 'yong pagbigay ng actual ID cards. Ito ay nagsimula last May 1 at so far may nabigyan na po ng National ID.

So sa next slide po, ito po 'yong ating achievement sa National ID. As of today, we already registered 33.4 million individuals for Step 1. So malaki

na po ‘yong progress natin. Nagsimula po tayo last year October 12. Ngayon po, as of May 3, nasa 33.4 million na po tayo.

Pagkatapos, ‘yong Step 2, ito po ‘yong pag-capture ng biometrics, ay nasa 6.4 million na tayo. Iyong Step 2, medyo mas mabagal kasi hindi pupuwede maramihan ‘yong pagpunta sa registration center. Kailangan mag-ingat po para hindi mag-spread ng virus. At since nasa ECQ or MECQ po tayo, mas mabagal po kasi mas maingat kami sa pag-implement nito para hindi po kumalat ‘yong virus.

Tapos ‘yong maganda rin po dito, of the 6.4 million individuals na nagpa-register sa Step 2, 2.2 million individuals opened a bank account kasi everytime po na pagtapos na ng Step 2, ‘yong Land Bank of the Philippines mayroon silang kiosk sa tabi ng registration center para lahat po ng wala pang bank account ay puwede pong magbukas ng bank account on the spot. At gusto po natin sana lahat ng pamilya ay may isang bank account pagka bago magtapos ‘yong ating taon na ‘to, and ‘yan po ‘yong sinasabi nating 100 percent financial inclusion by family.

[Next slide.]

Ito pong data na ito ay nagpapakita kung ano po 'yong progress natin. So... *[Paki click lang po.]*

Iyong unang papakita ko po sa inyo ay 'yong progress as of April 30, 113 percent po ang accomplishment natin so...*[Paki click ulit, one more time.]* That is equivalent to 33.4 million 'yong ating nabigyan ng Step 1 na registration.

[Paki click po ulit.]

Seventy-seven out of 86 provinces po ay mayroon ongoing na Step 1 registration. So ito pong nakikita niyong mapa, 'yong malalim po or very dark green, ito po 'yong mas maraming progress pero naghahabol din po kami sa ibang probinsiya para ma-achieve na natin 'yong ating target na 50 to 70 million by the end of the year.

[Next slide po.]

Ito po naman 'yong Step 2. *[Paki click po ulit.]* We are 59.9 percent of our June 2021 target. So lagpas kalahati na po at mabilis actually ang ating

delivery. *[Next, next click.]* Ito po 'yong sinasabi ko po na 6.378 million ang nagpa-register na sa Step 2 and that is equivalent to 106 percent of our target.

[Next click.]

At 19 out of 37 provinces po ay on track sa implementation ng Step 2 ng National ID. So, Mahal na Pangulo, hindi po lahat ng probinsiya ay available kasi slowly po natin ira-ramp up pero in the middle of the year ay masi-serve na natin ang lahat ng probinsiya.

[Next click.]

At gaya po ng sinabi ko po, iyong nagbukas ng bank account ay 806,000 pero...

[Next click.]

Iyong mga --- 'yong mga onboarded for bank account opening ay 'yan 'yong 2.2 million kasi 'yong iba po nagbigay lang ng documents, hindi pa po nabuksan pero mabubuksan na rin po 'yan ng Land Bank anytime.

[Next slide.]

Ito po 'yong tatlong priority use cases or objective ng ating National ID. Iyong una po, financial inclusion. So gaya po nang sinabi ko po, Land Bank is co-locating in all the PhilSys registration sites with the goal of opening a bank account for all low-income Filipinos by the end of 2021.

Iyong pangalawa po, 'yong pagtulong po natin sa COVID-19 vaccination. 'Pag simula na po ng category or priority C, ito po 'yong general population na siguro magsisimula by the end of the year, ay puwede pong tulungan ng ating National ID 'yong pag cue and pag-register ng general population.

At 'yong pangatlo po, iyong pagbigay ng ayuda or social protection dahil mayroon na pong bank account ang bawat mahihirap na pamilya, sila ay puwedeng bigyan na diretso ng ayuda or social amelioration. Hindi na po 'yong pipila pa sila sa distribution center. So malaking tulong po ito for the future.

[Next slide.]

Ngayon po, sa April 30, 2021, nag-launch po 'yong PSA or 'yong Philippine Statistics Authority ng pilot online registration for Step 1. Ito po 'yong mga

hindi naman mahihirap na may computer or may tablet or cellphone na puwede naman mag-register online para mas mapabilis 'yong ating registration system. At ito ay isang pilot kasi gusto po natin malaman kung ano po 'yong mga problema para mas ma-improve natin 'yong serbisyo.

[Next slide.]

Ang nangyari po, 'yong registration natin nag-encounter ng technical issues dahil ang dami po ng --- na Pilipino ang gustong mag-register sa first day sa online.

Iyong ating website is designed to accommodate 16,000 simultaneous users per minute na may peak of 35,000. Pero sa unang minuto lamang, 46,000 Filipinos ang gustong mag-register so malaki po 'yong demand at interes sa National ID. Ito ay three times the capacity. Ang nangyari po bumagal po 'yong website at maraming hindi na-serve kasi mayroon po tayong mga slowness or downtime.

Iyong analogy po nito ay isang bagong restaurant or theme park na tipong nag-prepare naman tayo for the usual holiday or weekend kick kasi mas maraming gustong pumunta sa Sabado at Linggo at sa mga holidays. Pero 'yong sa first day ay hindi po natin na-serve lahat kasi lahat po ay gustong tumikim sa bagong restaurant or sa mag-enjoy sa theme park. So lahat po ito ay natutunan namin at ginagawa po namin ngayon ang pag-improve.

[Next slide.]

Just to conclude, Mr. President, I have conveyed my sincerest apologies to the Filipino people for the inconvenience at ngayon po kausap namin araw-araw 'yong mga international and local experts para tulungan po tayo na i-improve 'yong capacity at dahil ito ay isang pilot ay we will learn --- make sure to learn from our experience. At nagpapasalamat po kami sa lahat ng Pilipino na nagsuporta sa National ID. Iyong pagdagsa po nila sa registration last April 30 online ay isang patunay na maraming Pilipino ang may gustong kumuha ng National ID, at 'pag may National ID na po sila ay mabibigyan po natin sila nang mas maraming serbisyo at matutulungan po natin 'yong recovery ng ating bansa.

So iyan lang po ang aking ulat, mahal na Pangulo, maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Karl. Let me --- my two cents statement dito sa trabaho mo.

First, dito sa ID, unahin ko itong ID because this has been long in coming. Actually it was during the time of President Ramos, the military establishment. Of course it was always part of the insurgency campaign, mga kalaban NPA. They were always suspecting it but they let them made a strong lobby, made a strong noise so that nothing came out of it.

So this is something which has been long I said been the dream of every administrator in government. You are one --- naano mo so I congratulate you. Do not worry. You have done your --- you give your precious time to the people.

Ano saludo ako diyan. I --- I kasi matagal na talagang gustong-gusto natin 'yan. Ang problema ang una noong --- the loudest that we could hear at that time was the left, ayaw nila kasi it will identify --- eh may ano may syndrome eh. May syndrome 'yan sila so hindi natin masisi. And the other side is 'yong pagtulong mo sa sabi ko nga 'yong ayuda, kung hindi ulitin ko. It was done with the --- by implemented by DILG and kay ano and you provided the logistics and support to the policy. So let me thank you again in behalf of the people na we are indeed grateful to you.

So, if there's nobody would want to talk any further, we are ready to listen. 'Pag wala na, then it's time to say to the people for tonight, goodbye, see you next Talk and we will expound more of the troubles of the Filipino.

Pag-usapan natin 'yong --- 'yong sa ano ang nasa loob ng Pilipino. One is the hunger. We are trying to do everything we can within the limited resources of government and, of course, 'yong the opening of...

Ako dito ako mahirapan ako mag-ano sa tao. I don't know whether to cut my throat and explain to you that I keep on extending the quarantine. Alam mo sa totoo lang, in the end sa katapusan nito, magpasalamat tayo sa mga doktor, the medical people who really give us the proper advice. It is good to listen to people na may alam. Linya nila 'yan eh.

Kung batas ito, lalo na criminal law, dito ka sa akin. I can give you in a jiffy, in a moment advice. Pero hindi namin --- hindi man linya ito ngayon ng mga abugado. Hindi kailangan ng mga abugado ngayon dito sa problemang ito.

But let me assure to the people that once things begin to clear, we will lift the quarantine immediately without delay. Sa mga kasamahan ko, maraming salamat sa pagkinig ninyo and I hope that you'd continue to listen to government.

Hindi kailangan na makininig kayo ng mga speeches-speeches. There is no speech --- walang speeches dito. No speeches except serious talk about --- seryosong usapan sa ating problema and malaman ninyo kung paano ang ginagawa namin.

Salamat po, magandang gabi sa inyong lahat. *[applause]*

--- END ---